**PANTAO**
**The International Journal of the Humanities and Social Sciences**
**Volume 4, Issue 4**
**ISSN 3028-0877 | DOI 10.69651/2022PIJHSS**

# Knowledge and skills in meticulous writing in Filipino among Senior High School students toward the development of learning materials

**Marville Joy D. Buhhong***
Isabela State University
Isabela, Philippines
Email: vhille18.96@gmail.com

**Rodel B. Guzman**
Isabela State University
Isabela, Philippines

ABSTRACT

Proficiency in meticulous writing in the Filipino language is an essential skill required of senior high school students to develop their academic and professional competence. However, the lack of knowledge and skills in the proper application of writing conventions in Filipino—particularly in spelling, punctuation, and documentation—remains a challenge. This study aimed to assess the level of knowledge and skills of students in meticulous writing in Filipino and to develop learning materials based on the findings. A mixed-method design was employed involving 60 selected students from Alibadabad National High School in San Mariano, Isabela. Results revealed that the students' level of knowledge was at the "beginning" stage, while their skills were rated as "acceptable." A significant difference was found in the levels of knowledge and skills when grouped according to strand, but not according to sex and first language. A positive correlation was also identified between knowledge and skills in meticulous writing. Based on these findings, learning materials were developed to enhance students' academic writing skills in Filipino.

Keywords: meticulous writing, knowledge, skills, Filipino language, learning materials

Date Submitted: August 28, 2025
Date Accepted: September 29, 2025
Date Published: October 28, 2025

* Corresponding author
DOI: http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404539

Recommended citation:
Buhhong, M. J. D., & Guzman, R. B. (2025). Knowledge and skills in meticulous writing in Filipino among Senior High School students toward the development of learning materials. Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences) 4 (4), 5855-5865. http://doi.org/10.69651/PIJHSS0404539

# Kaalaman at kasanayan sa masinop na pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral sa Senior High School tungo sa pagbubuo ng kagamitang pampagkatuto

**Marville Joy D. Buhhong**
Isabela State University
Isabela, Philippines
Email: vhille18.96@gmail.com

**Rodel B. Guzman**
Isabela State University
Isabela, Philippines

ABSTRAK

Ang kahusayan sa masinop na pagsulat sa wikang Filipino ay isang mahalagang kasanayan na kinakailangan ng mga mag-aaral sa senior high school upang malinang ang kanilang akademiko at propesyonal na kakayahan. Gayunman, nananatiling hamon ang kakulangan ng kaalaman at kasanayan sa wastong paggamit ng mga tuntunin sa pagsulat sa Filipino, partikular sa pagbabaybay, bantas, at dokumentasyon. Nilayon ng pag-aaral na ito na sukatin ang antas ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa masinop na pagsulat sa Filipino at bumuo ng kagamitang pampagkatuto batay sa mga natuklasan. Gumamit ito ng mixed-method na disenyo sa 60 piling mag-aaral ng Alibadabad National High School sa San Mariano, Isabela. Ipinakita ng resulta na nasa antas na "nagsisimula" ang kaalaman at "katanggap-tanggap" naman ang kasanayan ng mga mag-aaral. May makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kaalaman at kasanayan batay sa strand ngunit hindi sa kasarian at unang wika. Natukoy din ang positibong ugnayan sa pagitan ng kaalaman at kasanayan sa masinop na pagsulat. Mula sa mga natuklasan, binuo ang kagamitang pampagkatuto upang mapaunlad ang kasanayan sa akademikong pagsulat sa Filipino.

Mga Susing Salita: masinop na pagsulat, kaalaman, kasanayan, wikang Filipino, kagamitang pampagkatuto

## PANIMULA

Ang wika ay susi ng komunikasyon at mahalagang sangkap sa pagpapahayag ng ideya, damdamin, opinyon, at kaalaman. Ayon kay Apriyanto (2020), ang wika ang pinakamabisang kasangkapan upang maipahayag ng tao ang kanyang kaisipan sapagkat ito ay may kakayahang magamit sa pakikipag-ugnayan at talastasan. Nagkakaroon ng katuparan ang mga plano, usapin, kasunduan, at diyalogo sa pamamagitan ng wika. Bukod sa pagiging tulay sa pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan, isa rin itong midyum sa pagtuklas at pagpapalaganap ng kaalaman, ng mga bagong konsepto, teknik, at maging mga imbensyon sa agham at teknolohiya.

Sa Pilipinas, ang wikang Filipino ang ginagamit bilang wikang pambansa, opisyal, at panturo. Patuloy itong nalilinang sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), na siyang itinalaga ng batas upang manguna sa pagtataguyod ng wikang pambansa. Mula nang maitatag ang komisyon hanggang sa kasalukuyan, maraming hakbang ang isinagawa upang

maabot ang layuning maging intelektwalisado ang wika. Ayon kina Gime at Macascas (2020), patunay ng pag-unlad ng Filipino ang pagdami ng mga bagong salitang nadaragdag dulot ng pagbabago sa panahon at teknolohiya.

Isa ring patunay ng pag-unlad ng wika ang patuloy na pagpapaunlad ng ortograpiya nito na nailathala sa mga gabay at manwal ng wastong paggamit. Mahalaga ito sapagkat nakatutulong sa estandardisasyon ng wikang Filipino, na ayon sa The Cambridge Handbook of Language Standardization (2021), ay proseso ng pagtatatag ng pare-parehong pamantayan sa paggamit ng wika. Sa kasalukuyan, ginagamit ang Manwal sa Masinop na Pagsulat sa Filipino (2014) bilang gabay sa konsistent at wastong paggamit ng wikang pambansa.

Gayunpaman, sa kasalukuyang panahon, nahaharap pa rin ang wikang Filipino sa maraming hamon. Kabilang dito ang laganap na paggamit ng "TagLish" at ang pagdami ng mga kamalian sa pagsulat, pagbabaybay, at paggamit ng bantas, lalo na sa social media. Ayon kay Virgilio Almario, bagama't patunay ng pag-unlad ang mga pagbabagong ito, hindi lahat ng pagbabago ay intelektwalisado. Ipinagkaiba niya ang Popularly Modernized Language (PML) at Intellectually Modernized Language (IML), kung saan ang huli ay tumutukoy sa paggamit ng wika sa mas mataas na antas ng komunikasyon at diskurso (Ki, 2021).

Ang Department of Education (DepEd) ay nagsasagawa rin ng mga hakbang tungo sa intelektwalisasyon ng Filipino sa pamamagitan ng kurikulum mula Kinder hanggang Senior High School. Gayunman, ayon kay Misa (2021), maraming mag-aaral pa rin ang may kahinaan sa pagsulat ng sanaysay, partikular sa aspeto ng mekaniks tulad ng pagbabaybay at paggamit ng bantas. Batay din sa obserbasyon ng mananaliksik, maraming mag-aaral sa Senior High School ang hindi pa bihasa sa pagsulat batay sa Manwal sa Masinop na Pagsulat sa Filipino (2014).

Ayon kay Sunny (2023), ang mga kasanayan sa wika ng mga mag-aaral ay pundasyon ng kanilang pagkatuto at kritikal na pag-iisip. Ang kahusayan sa paggamit ng estandardisadong anyo ng wikang Filipino ay mahalaga sa akademikong larangan, sapagkat ito ang nararapat gamitin sa pormal na diskurso at pagsulat. Dagdag pa rito, ayon kay Virgilio Almario, habang ginagamit ang wika ay lalo itong umuunlad. Bawat Pilipino, kung gayon, ay may tungkuling paunlarin at tangkilikin ang wikang Filipino bilang simbolo ng pambansang pagkakaisa at pagkakakilanlan (Sunny, 2023).

Isa sa mga pangunahing layunin ng UNESCO ang Quality Education for All, partikular ang Sustainable Development Goal (SDG) 4.6, na sa taong 2030, ang bawat kabataan, lalaki man o babae, ay magkaroon ng sapat na kakayahan sa literasi at numerasi. Ang paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa masinop na pagsulat sa Filipino ay isang mahalagang hakbang tungo sa pagkamit ng layuning ito.

Sa layuning maisulong ang intelektwalisasyon ng wikang Filipino, mahalagang paigtingin ang masinop na paggamit nito sa mga gawaing akademiko. Kaugnay nito, layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang antas ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa Senior High School sa masinop na pagsulat sa wikang Filipino upang matukoy ang mga aspekto ng kanilang kalakasan at kahinaan. Mula sa mga natuklasan, bubuo ang mananaliksik ng panukalang kagamitang pampagkatuto na makatutulong sa pagpapalawak ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng estandardisadong Filipino sa akademikong larangan. Ang ganitong hakbang ay nakaugnay sa layunin ng UNESCO Sustainable Development Goal (SDG) 4.6, na sa taong 2030 ay matamo ng bawat kabataan, babae man o lalaki, ang sapat na kakayahan sa literasi at numerasi. Sa

pamamagitan nito, inaasahang makatutulong ang pag-aaral sa pagpapaunlad ng kalidad ng pagtuturo ng Filipino at sa patuloy na intelektwalisasyon ng wikang pambansa.

## Paglalahad ng suliranin

Pangkalahatang layunin ng pananaliksik na ito ang makalikha ng kagamitang pampagtuturo ng masinop na pagsulat sa Filipino para sa mga mag-aaral sa Senior High School. Partikular na sinagot sa pananaliksik na ito ang mga sumusunod na tiyak na katanungan:

1. Ano ang propayl ng mga respondent batay sa kasarian, strand, at unang wika?
2. Ano ang antas ng kaalaman ng mga respondent sa masinop na pagsulat sa Filipino batay sa gawang-gurong pagsusulit?
3. Ano ang antas ng kasanayan ng mga respondent sa masinop na pagsulat sa Filipino?
4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kaalaman ng mga respondent sa masinop na pagsulat sa Filipino kapag pinangkat ayon sa kanilang propayl?
5. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan ng mga respondent sa masinop na pagsulat sa Filipino kapag pinangkat ayon sa kanilang propayl?
6. Mayroon bang kaugnayan sa pagitan ng antas ng kaalaman at kasanayan sa masinop na pagsulat sa Filipino ng mga respondent?
7. Anong kagamitang pampagkatuto ang mabubuo upang mapaunlad ang kaalaman at kasanayan sa masinop na pagsulat sa Filipino batay sa mga resulta ng pananaliksik?

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng mixed-method na disenyo na pinagsasama ang quantitative at qualitative na pamamaraan upang makamit ang mas malalim at komprehensibong pag-unawa sa masinop na pagsulat sa wikang Filipino. Ayon kay Mcleod (2024), ang ganitong disenyo ay angkop kapag kailangang tukuyin ang parehong mga trend at karanasan ng mga kalahok. Sa bahaging quantitative, ginamit ang descriptive-correlational design upang mailarawan ang propayl ng mga respondent batay sa kasarian, strand, at unang wika; masukat ang antas ng kaalaman at kasanayan sa masinop na pagsulat; at matukoy ang pagkakaiba at ugnayan ng mga baryabol. Tulad ng binanggit ni Hassan (2024), ang descriptive design ay karaniwang ginagamit upang ilarawan ang mga katangian at pananaw ng isang grupo, habang ang correlational design, ayon kay Sreekumar (2025), ay ginagamit upang suriin ang relasyon sa pagitan ng dalawang o higit pang baryabol na hindi minamanipula ng mananaliksik. Samantala, sa bahaging qualitative, sinuri ang mga isinulat na sanaysay ng mga mag-aaral gamit ang rubrik upang matukoy ang kanilang antas ng kasanayan sa masinop na pagsulat. Ayon kay Lim (2024), ang qualitative research ay nagbibigay-diin sa malalim na pag-unawa sa karanasan at konteksto ng tao, kaya't ang pagsusuri ng mga sanaysay ay nakatulong sa pagbibigay ng mas mayamang interpretasyon ng mga resulta.

Isinagawa ang pananaliksik sa Alibadabad National High School na matatagpuan sa San Mariano, Isabela—isang paaralang may programang Senior High School at kabilang sa medium category batay sa dami ng mga mag-aaral. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay 60 piling mag-aaral sa Baitang 11 mula sa tatlong strand: General Academic Strand (GAS), Humanities and Social Sciences (HUMSS), at Technical-Vocational-Livelihood (TVL). Gumamit ang mananaliksik ng

stratified random sampling upang matiyak ang pantay na representasyon ng bawat strand. Ayon kay Hassan (2024), ang teknik na ito ay nakatutulong upang matiyak ang katumpakan at pagiging mapagkakatiwalaan ng datos mula sa bawat strata ng populasyon.

Ginamit sa pagkalap ng datos ang isang gawang-gurong pagsusulit na binubuo ng limampung (50) aytem na sumasaklaw sa mga paksa tungkol sa Masinop na Pagsulat sa Filipino. Bago ito ipinasagot, ang instrumento ay beripikado at binalidado ng tatlong eksperto sa Filipino upang matiyak ang kaangkupan at bisa. Sumailalim din ito sa pilot testing at item analysis upang masukat ang antas ng kahirapan at diskriminasyon ng bawat aytem. Bukod dito, gumamit din ng checklist para sa propayl ng mga respondent at rubrik sa pagsusuri ng kanilang mga sanaysay upang mapagsama ang datos na numerical at kwalitatibo.

Sa pangangalap ng datos, unang pinasagot ang mga respondent sa pagsusulit at checklist upang makuha ang kanilang propayl at antas ng kaalaman. Pagkatapos nito, pinasulat sila ng maikling sanaysay na sinuri ng tatlong guro sa Filipino batay sa itinakdang rubrik upang masukat ang kanilang antas ng kasanayan sa masinop na pagsulat. Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang iba't ibang kagamitang pang-estadistika tulad ng frequency counts at percentage upang mailarawan ang propayl ng mga respondent, mean upang matukoy ang antas ng kaalaman at kasanayan, t-test at F-test upang masukat ang makabuluhang pagkakaiba ng mga baryabol batay sa propayl, at Pearson r upang suriin ang ugnayan sa pagitan ng kaalaman at kasanayan sa masinop na pagsulat.

Ang lahat ng nakalap na datos ay ipinroseso sa pamamagitan ng Statistical Package for the Social Sciences (SPSS) upang matiyak ang katumpakan, pagiging maaasahan, at kredibilidad ng mga resulta. Sa kabuuan, ang metodolohiyang ito ay nagbigay-daan upang mailarawan hindi lamang ang estadistikal na dimensyon ng masinop na pagsulat sa Filipino, kundi pati na rin ang mga karanasang nagbibigay saysay sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral sa Senior High School.

## MGA RESULTA AT TALAKAYAN

### Propayl ng mga respondent

Ipinakita ng pag-aaral na mas marami ang lalaki (55%) kaysa babae (45%) sa mga respondent mula sa Alibadabad National High School. Pantay-pantay naman ang bilang ng mga kalahok mula sa tatlong strand: GAS, HUMSS, at TVL. Sa usapin ng unang wika, Ilokano ang pinakamarami, sinundan ng Tagalog at Ibanag. Ang ganitong datos ay tumutugon sa taya ng Philippine Statistics Authority (PSA, 2023) na mas mataas ang bilang ng kalalakihan sa enrollment sa sekondarya. Ayon kay Reid (2005), kabilang ang Ilokano at Tagalog sa sampung wikang may pinakamaraming tagapagsalita sa Pilipinas, kaya't makatwirang sila ang nangingibabaw sa lugar ng pag-aaral.

### Antas ng kaalaman sa masinop na pagsulat

Ipinakita ng resulta na ang kabuuang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral ay nasa antas na "nagsisimula" (mean = 2.11). Ibig sabihin, kulang ang kaalaman ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga tuntunin sa pagsulat sa Filipino, lalo na sa pagbabaybay, bantas, daglat, at

dokumentasyon. Ang ganitong antas ay nagpapahiwatig ng pangangailangan sa mas masusing pagtuturo ng mga teknikal na aspeto ng pagsulat upang maiwasan ang hindi malinaw na komunikasyon at maling interpretasyon ng mambabasa.

Ang mga paksa tulad ng paggamit ng pantig at palapantigan at mga wastong gamit ng gitling ay nasa "katanggap-tanggap" na antas, na nagpapakita ng bahagyang kasanayan ngunit nangangailangan pa rin ng pagpapabuti. Samantala, mababa ang resulta sa mga paksang "ng at nang," bantas, pagbabaybay, at dokumentasyon.

Ang mga natuklasang ito ay sumasang-ayon sa pag-aaral nina Bataller et al. (2019) na nagsabing mababa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino, ngunit taliwas sa pag-aaral ni Delos Reyes (2021) na nagpakita ng mas mataas na antas ng linggwistikong kasanayan ng mga Senior High School students.

Antas ng kasanayan sa masinop na pagsulat

Batay sa pagsusuri ng mga sanaysay, nasa "katanggap-tanggap" na antas (mean = 2.85) ang kasanayan ng mga mag-aaral sa masinop na pagsulat. Ipinapakita nito na malapit na silang umabot sa inaasahang antas ngunit nangangailangan pa ng pagpapabuti. Pinakamataas ang kasanayan sa pantig at palapantigan at pangalan at katawagan, na may deskriptor na "magaling," samantalang pinakamababa naman sa pagbabaybay, bantas, at dokumentasyon.

Ayon kina Octavio et al. (2016) at Behhay (2024), karaniwang kahinaan ng mga mag-aaral ang pagbabaybay, paggamit ng gitling, at panipi. Pinagtibay rin ni Misa (2021) na nahihirapan ang mga mag-aaral sa aspektong mekaniks, partikular sa paggamit ng "ng" at "nang" (Galang, 2019). Sa kabilang banda, binanggit nina Barlaan at Javier (2020) na may mataas na kasanayan sa pagsulat ang ibang mag-aaral, na salungat sa natuklasan ng kasalukuyang pag-aaral.

Pagkakaiba ng antas ng kaalaman batay sa profayl

Batay sa kasarian, mas mataas ang kaalaman ng mga babae kaysa lalaki sa apat na aspekto: pantig at palapantigan, pagbabaybay, pangalan at katawagan, at sipi at panipi. Ipinapahiwatig nito na mas maingat ang mga babae sa teknikal na aspekto ng pagsulat. Gayunman, ipinakita ng estadistikal na pagsusuri na walang makabuluhang pagkakaiba sa pangkalahatang antas ng kaalaman batay sa kasarian, kaya't tinanggap ang null hypothesis.

Sumasang-ayon ito sa natuklasan nina Bataller et al. (2019) at Resuello at Funclara (2021) na ang mga babae ay bahagyang mas mahusay sa mga gawaing pangwika, ngunit pinagtibay ni Aguinaldo (2023) na ang pagkakaiba ay hindi palaging makabuluhan sa estadistika.

Samantala, makabuluhang pagkakaiba naman ang lumitaw batay sa strand, kung saan nanguna ang mga mag-aaral mula sa GAS, sinundan ng HUMSS at TVL. Ayon sa DepEd (2013), ito ay maaaring bunga ng pagkakaiba sa akademikong pokus ng bawat strand. Katulad na resulta ang lumitaw sa pag-aaral nina Discaya at Marbella (2021) at Macado at Diano (2024).

Sa unang wika, natukoy na ang mga Tagalog ay may bahagyang kalamangan sa kaalaman sa masinop na pagsulat kaysa sa mga Ilokano at Ibanag. Pinagtibay ito nina Bernhoter at Tonin (2020) at Didas (2019) na nagsabing mas mahusay ang mga mag-aaral kapag ginamit ang kanilang unang wika, ngunit taliwas sa pahayag ni Razonale (2017) na ito ay maaaring maging hadlang sa pagkatuto ng ikalawang wika.

Pagkakaiba ng antas ng kasanayan batay sa profayl

Batay sa kasarian, ipinakita ng resulta na walang makabuluhang pagkakaiba sa pangkalahatang kasanayan sa masinop na pagsulat. Gayunman, lumitaw ang pagkakaiba sa dalawang aspekto: mga wastong gamit ng gitling, kung saan mas mahusay ang mga babae, at mga bilang, kung saan mas mataas ang kasanayan ng mga lalaki. Ito ay tumutugma sa pag-aaral nina Barlaan at Javier (2020) at Villamater-Garcia (2022) na walang ugnayan ang kasarian sa kasanayan sa pagsulat.

Sa usapin ng strand, napatunayan na may makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan sa pagsulat batay sa strand. Nanguna ang GAS na may pinakamataas na mean sa mga paksang "ng at nang," mga bantas, gitling, at pangalan at katawagan. Ito ay sumusuporta sa natuklasan nina Bataller et al. (2019) at salungat sa resulta nina Ranque (2024) at Reforsado at Raymundo (2025) na nagsabing walang makabuluhang ugnayan ang strand sa kasanayan sa pagsulat.

Batay naman sa unang wika, walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan ng mga Tagalog, Ilokano, at Ibanag. Parehong resulta ang lumitaw kay Tana (2021) na nagsabing walang epekto ang unang wika sa antas ng kasanayan sa Filipino, ngunit taliwas kay Didas (2019) na nagsabing may epekto ito, bagaman hindi palaging positibo.

Kaugnayan ng kaalaman at kasanayan

Natukoy ng pag-aaral na may makabuluhan at positibong ugnayan ($r = 0.40$, $p = 0.01$) sa pagitan ng antas ng kaalaman at antas ng kasanayan sa masinop na pagsulat. Ipinapakita nito na habang tumataas ang kaalaman ng mag-aaral sa mga tuntuning pangwika, tumataas din ang kanyang kasanayan sa aktwal na pagsulat. Ito ay sumusuporta sa mga pag-aaral nina Graham at Perin (2007), Lee (2022), at Putri et al. (2016) na ang mataas na kaalaman sa gramatika at estruktura ng wika ay may direktang kaugnayan sa kalidad ng sulatin.

Panukalang kagamitang pampagkatuto

Batay sa mga natuklasan, iminungkahi ng mananaliksik ang pagbuo ng kagamitang pampagkatuto na partikular na nakatuon sa mga mag-aaral ng HUMSS at TVL, na may mababang antas ng kaalaman at kasanayan sa masinop na pagsulat. Ang materyal ay maglalaman ng mga paksa at gawaing tutugon sa kanilang kahinaan sa pagbabaybay, bantas, dokumentasyon, at gramatika. Iminungkahi ring ito ay contextualized at strand-specific, gaya ng pagsulat ng sanaysay at liham para sa HUMSS, at teknikal na ulat o proyekto para sa TVL.

Ayon sa mananaliksik, ang kagamitang pampagkatuto ay makatutulong hindi lamang sa pagpapabuti ng kasanayan ng mag-aaral sa akademikong pagsulat kundi maging sa pagpapaunlad ng kalidad ng pagtuturo ng Filipino at sa intelektwalisasyon ng wikang pambansa.

## KONGKLUSYON

Batay sa resulta ng pag-aaral, lumabas na ang mga mag-aaral sa Senior High School ng Alibadabad National High School ay may mababang antas ng kaalaman at katanggap-tanggap na antas ng kasanayan sa masinop na pagsulat sa wikang Filipino. Ipinakita rin na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kaalaman at kasanayan batay sa strand, kung saan nanguna ang mga mag-aaral mula sa GAS, samantalang walang makabuluhang pagkakaiba batay sa kasarian at unang wika. Natukoy din na may positibong ugnayan sa pagitan ng kaalaman at kasanayan, na nangangahulugang habang tumataas ang kaalaman ng mag-aaral sa mga tuntuning pangwika ay tumataas din ang kanilang kasanayan sa aktwal na pagsulat. Dahil dito, binigyang-diin ng pag-aaral ang pangangailangan ng mga kagamitang pampagkatuto na nakabatay sa partikular na pangangailangan ng bawat strand, lalo na ng mga mag-aaral sa HUMSS at TVL, upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa akademikong pagsulat sa Filipino. Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang pagpapabuti ng kaalaman at kasanayan sa masinop na pagsulat ay makatutulong hindi lamang sa paglinang ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral kundi maging sa patuloy na intelektwalisasyon at estandardisasyon ng wikang Filipino.

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda na ang mga guro sa Filipino ay magbigay ng higit na diin sa pagtuturo ng masinop na pagsulat, lalo na sa mga aspekto ng pagbabaybay, paggamit ng bantas, "ng" at "nang," daglat, at dokumentasyon. Iminumungkahi ring makabuo ng kagamitang pampagkatuto na tutugon sa mga kahinaang ito at maglalaman ng mga kontekstuwal na gawain batay sa bawat strand, gaya ng sanaysay, liham, at ulat na kaugnay ng kanilang larangan. Dapat ding magsagawa ang mga guro ng mas madalas na pagsasanay sa pagsulat at pagbibigay ng agarang puna upang mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral. Hinihikayat din ang mga administrador ng paaralan na suportahan ang patuloy na pagsasanay sa wika ng mga guro at pagpapayabong ng mga programang pang-intelektwalisasyon ng wikang Filipino. Sa huli, inirerekomenda ng mananaliksik na ipatupad ang proposed learning material bilang tulong sa pagtuturo ng Filipino at pagsusulong ng layunin ng UNESCO SDG 4.6 hinggil sa kalidad ng edukasyon at literasi para sa lahat.

## TALASANGGUNIAN

Apriyanto, A. (2020). Language as a communication tool in human life. Fox Justi: Jurnal Ilmu Hukum, 10(2), 45–54. https://doi.org/10.58471/justi.v10i02.91

Barlaan, J. P., & Javier, C. L. (2020). Antas ng kakayahan sa pagsulat ng sanaysay ng mga senior high school gamit ang teknolohiya. The International Journal of Education, Management and Social Sciences, 3(1). https://ijsemss.psu.edu.ph/index.php/1/article/view/37

Bataller, B. O., Roxas, D. I., Samodio, M. A., & Velasco, M. C. (2019, January 18). Language proficiency level in the Filipino language of Grade 12 senior high school students of Dagatan National High School S.Y. 2018–2019. https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/AAJMRA/article/view/8641

Behhay, N. N., Immangdul, H. N., Aniceto, F. M., Longgat Jr., C. G., & Ongan, M. G. O. (2024). Kakayahang panggramatika sa Filipino ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay: Tungo sa pagbuo ng sanayang aklat.

Bernhofer, J., & Tonin, M. (2022). The effect of the language of instruction on academic performance. Labour Economics, 78, 102218. https://doi.org/10.1016/j.labeco.2022.102218

De Los Reyes, N. A. C. (2021). Karaniwang gramatikang pagkakamali sa pagsulat ng sanaysay tungo sa lingguwistikong kasanayan. EPRA International Journal of Research & Development (IJRD), 373–377. https://doi.org/10.36713/epra7727

Department of Education. (2015, April 1). DO 8, s. 2015 – Policy guidelines on classroom assessment for the K to 12 basic education program. Department of Education. https://www.deped.gov.ph/2015/04/01/do-8-s-2015-policy-guidelines-on-classroom-assessment-for-the-k-to-12-basic-education-program/

DepEd Order 8: Policy guidelines on classroom assessment for the K to 12 basic education program. (2024, April 9). DepEd PH. https://depedph.com/deped-order-8/

Discaya, R. B., & Marbella, F. D. (2021). Pagsusuri sa pagsulat ng tech-voc strand sa senior high school tungo sa pagbuo ng rehistro ng wikang Filipino. International Journal of Research Studies in Education, 10(8). https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.613

Fajilan, W., & Zafra, R. (2015). Ang gamit at kahalagahan ng wikang Filipino sa pagtuturo ng agham: Panayam kay Prop. Fortunato Sevilla III. HASÀAN: Journal on Philippine Language and Literature, 2, 116–123. https://hasaan.ust.edu.ph/wp-content/uploads/2019/04/HASAAN-Journal-Tomo-II-2015-116-123-2-8.pdf

Galang, M. (2019, May 11). Kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga mag-aaral sa unang taon antas tersyarya sa Holy Angel. Scribd. https://www.scribd.com/document/409512401/Kakayahang-Komunikatibo-sa-Filipino-ng-mga-Mag-aaral-sa-Unang-Taon-Antas-Tersyarya-sa-Holy-Angel-pdf

Gime, A., & Macascas, C. (2020). WikaGenZ: Bagong anyo ng Filipino slang sa Pilipinas. International Journal of Research Studies in Education, 9(3). https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5823

Graham, S., & Perin, D. (2007). Writing next: Effective strategies to improve writing of adolescents in middle and high schools. Carnegie Corporation of New York. https://eric.ed.gov/?id=ED517367

Hassan, M. (2024, March 25). Qualitative research: Methods and analysis. Research Method. https://researchmethod.net/qualitative-research/

Ki. (2021, November 18). Ano ang intelektwalisasyon? – Kahulugan at halimbawa nito. Philippine Newspaper. https://newspapers.ph/2021/11/ano-ang-intelektwalisasyon-kahulugan-at-halimbawa-nito/

Lee, E. (2022). The study on correlation between English writing competence and grammatical knowledge. The Korean Association of General Education, 16(4), 69–80. https://doi.org/10.46392/kjge.2022.16.4.69

Macado, K. M., & Diano Jr., F. M. (2021). Acquisition of language proficiency in English among senior high school students from the different strands. Randwick International of Education and Linguistics Science Journal, 2(1), 69–75. https://doi.org/10.47175/rielsj.v2i1.201

McLeod, S. (2024, June 25). Mixed methods research. Simply Psychology. https://www.simplypsychology.org/mixed-methods-research.html

Misa, R. (2021). Kakayahan sa panggramatikang Filipino ng mga mag-aaral ng Grade 9 Laboratory High School. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 5(10), 58–68. https://www.ajhssr.com/

Octaviano, M., Go, M. P., Borra, A., & Oco, N. (2016). A corpus-based analysis of Filipino writing errors. 2016 International Conference on Asian Language Processing (IALP). https://doi.org/10.1109/ialp.2016.7875943

Putri, Z., Silviyanti, T. M., & Achmad, D. (2016). The correlation between grammar mastery and writing ability. Semantic Scholar, 1(1), 217–222. http://www.jurnal.unsyiah.ac.id/EEIC/article/download/15840/11666

Ranque, K. M. I., Liwanan, R. B., Nieva, L. J. D. S., & Bernal, A. I. S. (2024). Students' proficiency in using Filipino language in academic communication. International Journal of Innovative Research in Multidisciplinary Education, 3(3). https://doi.org/10.58806/ijirme.2024.v3i3n08

Razonable, J. P. (2017). Usage of mother tongue language and English language proficiency of grade four students. Academia.edu. https://www.academia.edu/43022206/USAGE_OF_MOTHER_TONGUE_LANGUAGE_AND_ENGLISH_LANGUAGE_PROFICIENCY_OF_GRADE_FOUR

Reid, L. A. (2005). Tagalog and Philippine languages.

Reforsado, M., & Raymundo, J. L. (2025). Written discourse performance of senior high school students: Designing genre-based instructional material. Research and Innovation in Applied Linguistics-Electronic Journal, 3(1), 69–92. https://doi.org/10.31963/rial.v3i1.5070

Rodriguez, E. (2023). Language learning strategies and grammatical competence of the English-major students in Zamboanga del Norte HEIs. Sprin Journal of Arts, Humanities and Social Sciences, 2(4), 27–42. https://doi.org/10.55559/sjahss.v2i04.99

Sreekumar, D. (2025, July 22). What is correlational research: Definition, types, and examples. Researcher.Life. https://researcher.life/blog/article/what-is-correlational-research-definition-and-examples/

Sunio, C., & Guzman, R. (2024). Lawak ng bokabularyo at antas ng pag-unawa ng piling pampublikong mag-aaral sa Filipino. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 10(4). https://doi.org/10.36713/epra16434

Sunny. (2023, August 18). Importance of language: Exploring effective communication. Hindustani Tongue. https://hindustanitongue.com/importance-of-language/

Tana, N. R. (2021). Factors influencing the level of Filipino language proficiency among secondary students. Interdisciplinary Journal of Applied and Basic Subjects, 1(12), 1–12. https://visnav.in/ijabs/wp-content/uploads/sites/11/2021/12/Factors-influencing-the-level-of-Filipino-language-proficiency-among-secondary-students.pdf

The Cambridge handbook of language standardization. (2021). Cambridge Core, i–i. https://www.cambridge.org/core/books/abs/cambridge-handbook-of-language-standardization/cambridge-handbook-of-language-standardization/44A68356C5796B2E716CA29D142ACB27